

COUNTY NG SAN DIEGO TAGAPAGREHISTRO NG MGA BOTANTE



2023 – 2027 PLANO NG ADMINISTRASYON NG ELEKSYON **BINAGONG RENEWAL**



Talaan ng mga Nilalaman

Ehekutibong Summary	8
Mga Balota ng Pagboto-sa-Pamamagitan-ng-Koreo.....	10
Background	10
Pag-print ng Balota at Paghahanda sa Pagpapadala sa Koreo.....	11
Pagproseso ng mga Ibinalik na Balotang Pangkoreo	11
Pagbilang ng mga Ibinalik na Balotang Pangkoreo	11
Pag-track sa mga Balotang Pangkoreo	12
Mga Lokasyon ng Vote Center at Ballot Drop Box.....	13
Pormula at mga Konsiderasyon sa Vote Center.....	13
Mga Minimum na Inire-require sa Vote Center	14
Pagpili sa Lugar ng Vote Center	14
Assessment sa Survey ng Vote Center	14
Proseso ng Pag-recruit sa Pasilidad ng Vote Center.....	14
Pananaliksik ng Pasilidad	15
Listahan ng mga Potensyal na Vote Center kasama ang mga Araw at Oras ng Operasyon	15
Mapa ng mga Suhestiyong Lugar para sa mga Vote Center	16
Layout ng Vote Center.....	17
Bilang ng mga Empleyado sa Vote Center	18
Pagsasanay ng mga Empleyado sa Vote Center	18
Pormula at mga Konsiderasyon sa Lokasyon ng Ballot Drop Box.....	19
Mga Minimum na Inire-require sa Ballot Drop Box	19
Assessment sa Survey sa Ballot Drop Box.....	20
Proseso ng Pag-recruit ng Lokasyon ng Ballot Drop Box	20
Listahan ng mga Potensyal na Ballot Drop Box Kasama ang mga Araw at Oras ng Operasyon.....	21

Mapa ng mga Suhestiyong Lugar para sa mga Lokasyon ng Ballot Drop Box.....	22
Mapa ng mga Kasalukuyang Lokasyon ng Ballot Drop Box	23
Kasangkapan sa Pagmapa at Metodolohiya ng Vote Center at Ballot Drop Box.....	24
Pamamaraan	24
Porma ng Suhestiyon para sa Pagpili ng Site sa Website	24
Mga Serbisyo para sa mga Botanteng May Kapansanan	25
Updated Accessibility Survey	25
Impormasyon para sa mga Serbisyo para sa mga Botanteng May Kapansanan na kasama sa mga Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at mga intruksiyon sa VBM.....	26
Accessible na Impormasyong Naka-post sa Website.....	26
Paano makakahiling ang Botanteng May Kapansanan ng Balotang Pangkoreo, RAVBM, o Pamalit na Balota	26
Remote Accessible Vote-By-Mail (RAVBM)	27
Uri at Bilang ng mga Accessible na Ballot Marking Device	27
Uri at Bilang ng mga Makatwirang Pagbabago sa mga Vote Center.....	27
Mobile na Pagboto.....	28
Toll-Free na Linya ng Telepono para sa Botante.....	28
Kumperensya sa Pamamagitan ng Video.....	29
Tulong sa Wika	30
Mga Isinaling Sangguniang Balota at Tulong sa Wika.....	30
Mga Serbisyong Tulong sa Wika kabilang sa mga Pamplet ng Impormasyon para sa Botante o mga Instruksiyon sa Balotang Pangkoreo at Website	30
Paglalagay ng Tauhang Bilingguwal sa Vote Center at mga Sinusuportahang Wika	31
Toll-Free na Linyang Tatawagan para sa Botante at Call Center para sa Botante	31
Teknolohiya sa Pagboto.....	32
Sistema ng Pagboto	32

Ballot Marking Device (BMD).....	33
Seguridad sa Pagboto.....	34
Mga Plano para sa Seguridad at Posibilidad Upang Masiguro ang Pagpigil at Paggambala.....	34
Mga Pang-estado, Pederal, at Lokal na Pagtutulungan.....	34
Mga Panloob na Kontrol	34
Mga Pamamaraan, Paraan at Pamantayan.....	35
Mga Plano sa Seguridad at Posibilidad upang Masiguro ang Pagpapatuloy ng Eleksyon kung Sakaling Magkaroon ng Pagkagambala.....	35
Pagtugon ng Vote Center sa Panahon ng Pagboto	35
Pagpapatuloy ng Plano sa mga Pagpapatakbo	36
Mga Paraan at Pamantayan	36
Mga Esensyal na Function.....	36
Komunikasyon	36
Mga Alternatibong Pasilidad	37
Piskal na Epekto	38
Mga Tantiya ng mga Pangmaikling Panahon at Pangmatagalang Matitipid	38
Pangkalahatang Pananaw sa Voter Education and Outreach Plan	40
Background	40
Summary ng mga Layunin.....	42
Mga Kasama sa Komunidad.....	42
Voter Accessibility Advisory Committee at Mga Language Accessibility Advisory Committee	43
Mga Workshop para sa Edukasyon ng Botante para sa mga Komunidad na Nangangailangan ng Tulong sa Wika	43
Mga Paraan Upang Matukoy ang mga Komunidad na Nangangailangan ng Tulong sa Wika	44
Toll-Free na Linyang Tatawagan para sa Botante at Tulong sa Wika	44
Mga Workshop para sa Edukasyon ng Botante para sa mga Komunidad na May Kapansanan.....	45
Remote Accessible Vote-By-Mail Outreach.....	45

Mga High School	45
Mga Kolehiyo at Unibersidad.....	46
Mga Pasilidad ng Detensyon, Probasyon, at Parole.....	46
Pakikibahagi ng Botante at mga Kaganapan sa Komunidad	46
Mga Kaganapan sa Komunidad.....	47
Pangkalahatang Plano sa Media	48
Mga Kasama sa Media	48
Language Media Partners.....	48
Mga Direktang Kontak sa Botante	49
Postage-Paid Postcard para sa Paghiling ng mga Materyal sa isang Alternatibong Wika o Accessible Format	49
Mga Pahayag ng Serbisyo sa Publiko	49
Social Media	50
Mga Outdoor na Poster, Transit Shelter at Billboard	50
Website.....	51
Inaasahang Badyet para sa Voter Outreach	52
Mga Apendise	53
Mga Pampublikong Miting	53
Iskedyul ng Pampublikong Miting	54
Mga Kaganapan sa Komunidad	55
Mga Kasama sa Komunidad.....	71
Mga Kasama sa Komunidad para sa Pag-access ng Tulong sa Wika.....	71
Sampol Kard ng Tulong sa Wika	73
Mga Kasama sa Komunidad na may Kapansanan	74
Pulitikal, Adbokasiya, at/o mga Propesyonal na Organisasyon	75
Mga Kasama sa Media	76
Mga Kasama sa Media ng Wika	78
Sampol ng mga Outdoor na Lokasyon ng Pang-edukasyong Poster ng Botante.....	79

Pangkalahatang Pananaw sa Mungkahi ng Publiko.....	86
Voter Accessibility Advisory Committee (VAAC).....	86
Agenda ng Miting ng VAAC (Sampol).....	87
Mga Language Accessibility Advisory Committee (LAAC).....	88
Agenda ng Miting ng LAAC (Sampol).....	90
Layout ng Vote Center (Sampol)	91
Mga Listahan ng mga Vote Center at mga Lokasyon ng Ballot Drop Box	92
Mga Mapa ng mga Pamantayan ng Voter's Choice Act	112
Mga Ruta ng Pampublikong Transportasyon.....	112
Mga Lugar na Mababa ang Paggamit ng Pagboto-sa-pamamagitan-ng-Koreo.....	113
Densidad ng Populasyon	114
Limitadong Kahusayan sa English.....	115
Mga Botanteng May Kapansanan.....	116
Mababang Antas ng Pagmamay-ari ng Sasakyan.....	117
Mga Lugar ng mga Komunidad na Mababa-ang-Kita	118
Mga Karapat-dapat na Residenteng Hindi pa Nakarehistro para Makaboto.....	119
Mga Populasyong Nakabukod sa Heograpiya	120
Mga Potensyal na Lugar para sa mga Lokasyon ng Vote Center o Ballot Drop Box.....	121
Voter's Choice Act – Brochure.....	122
Balita sa County News Center.....	124
Mga Publikasyon	125
Paunawa sa Publiko para sa Panahon ng Pagkomento ng 2023 sa Plano ng Administrasyon ng Eleksyon	125
Paunawa sa Publiko para sa Pampublikong Pagdinig ng 2023.....	126
Paunawa sa Publiko para sa Panahon ng Pagkomento ng 2022 sa Plano ng Administrasyon ng Eleksyon	127
Paunawa sa Publiko para sa Pampublikong Pagdinig ng 2022.....	128

Paunawa sa Publiko para sa Pangalawang Pampublikong Pagdinig ng 2022	129
Direktang Koreo (Sampol)	130
Mga Protokol sa COVID-19	133
Mga Ipinagbabawal na Aktibidad.....	134
Sampol na Flyer at Social Media Post	134
Mga Probisyon sa Espesyal na Eleksyon	136

Ehekutibong Summary

Ang California Voter's Choice Act (VCA), o Senate Bill (SB) 450 (Allen, D-26) ay nilagdaan tungo sa pagiging batas noong Ika-29 ng Setyembre, 2016, na idinadagdag ang Section 4005 sa California Elections Code, na nagpapahintulot sa mga awtorisadong county, sa pag-apruba ng kanilang Board of Supervisors, na magsagawa ng anumang eleksyon sa pamamagitan ng koreo, na may ilang mga inire-require. Sa ilalim ng VCA, padadalhan ang lahat ng botante ng balota simula 29 na araw bago ang eleksyon, at ang bawat county ay magtatatag, sa mungkahi ng publiko, ng maraming lokasyon ng ballot drop box at mga vote center sa buong county kung saan ang bawat botante ay maaaring bumoto. Ang lehislasyong ito ay isa sa maraming reporma sa eleksyon na idinisenyo upang baguhin kung paano isinasagawa ang mga eleksyon upang madagdagan ang paglahok ng botante at pakikibahagi ng botante sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga opsyon sa pagboto.

Inaprubahan ng Board of Supervisors ng County ng San Diego ang paglipat ng county sa modelo ng vote center sa ilalim ng Voter's Choice Act noong [Ika-19 ng Oktubre, 2021](#)([balita](#)). Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego ay agad na lumikha ng mga internal na grupong magtatrabaho upang bumuo ng mga proseso para sa pagpapatakbo at pagsasagawa ng mga eleksyon sa ilalim ng modelo ng vote center.

Isang lubusang pagpapalano kasama ang pagbili ng kinakailangang teknolohiya at kagamitan ang naisakatuparan na bilang resulta ng pag-administer sa parehong Pampanguluhang Pangkalahatang Eleksyon noong Ika-3 ng Nobyembre, 2020 at Gubernatoryal na Recall na Eleksyon ng California noong Ika-14 ng Setyembre, 2021 sa ilalim ng modelong "katulad ng VCA" dahil sa pandaigdigang pandemya.

Bukod sa trabahong naisakatuparan na ng opisina ng Tagapagrehistro, isinama namin ang mga feedback na ibinigay ng mga botante at komite ng pagpapayo sa komunidad tulad ng Language Accessibility Advisory Committee (LAAC), at Voter Accessibility Advisory Committee (VAAC). Nagpapasalamat din kami sa suporta at gabay na ibinigay ng opisina ng Secretary of State at ng mga county na naunang nagtransisyon sa amin.

Maaari ninyong matutunan ang higit pa tungkol sa pagsali sa LAAC at VAAC ng county sa website ng Tagapagrehistro sa [Language Accessibility Advisory Committee \(sdvote.com\)](#) at [Voter Accessibility Advisory Committee \(sdvote.com\)](#).

Ang Election Administration Plan (EAP) ay nagbibigay ng pundasyon at gabay na outline para sa hinaharap ng pagboto at mga eleksyon sa County ng San Diego. Ini-update namin ang aming website ang gumawa ng pang-edukasyong brochure upang ipaalam sa publiko ang tungkol sa Voter's Choice Act. Matatagpuan ang website sa [Voter's Choice Act \(sdvote.com\)](#) at ang sampol ng brochure ay matatagpuan sa pahina 122.

Kasunod ng pagsasapinal ng EAP, ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagpatupad ng isang komprehensibong Voter Education and Outreach Plan na nagpalawak ng aming presensya sa social media, pati na rin ng aming mga pakikipagtulungan sa mga high school at institusyon ng mas mataas na edukasyon, mga kolaborasyon sa mga ahensya ng gobyerno, at mga

organisasyon ng komunidad. Bukod dito, nagdagdag kami ng iba't ibang workshop para sa edukasyon ng botante sa bawat iskedyul ng eleksyon. Ang planong ito ay nagbigay ng framework para matugunan ng opisina ng Tagapagrehistro ang layunin nitong bigyan ng kaalaman ang mahigit 1.9 na milyong nakarehistrong botante ng County ng San Diego tungkol sa paglipat ng County sa modelo ng vote center.

Ini-update ang 2023-2027 EAP upang sumalamin sa mga pagpapatakbo sa eleksyon pagkatapos magsagawa ng ilang pambuong-estado at lokal na eleksyon sa ilalim ng modelong vote center at isinasama nito ang higit pang feedback na mula sa publiko.

Sa panahon ng pag-a-update sa EAP na ito, ang County ng San Diego ay magkakaroon ng minimum na 193 na mga vote center, ang lahat ay magbubukas ng apat na araw, kabilang ang araw ng eleksyon, kung saan 39 sa 193 na mga vote center ay magbubukas ng karagdagang pitong araw para sa kabuuang 11 araw at minimum na 129 lokasyon ng mail ballot drop box na bukas ng halos isang buwan. Maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo (hindi kinakailangan ang selyo), sa isang lokasyon ng ballot drop box, o sa alinmang vote center.

Ako at ang aking mga tauhan ay mananatiling nakatuon sa aming misyon ng pagbibigay ng mga serbisyo ng eleksyon sa mga mamamayan ng County ng San Diego na may pinakamataas na antas na mga propesyonal na pamantayan sa eleksyon, kabilang ang pananagutan, seguridad, at integridad, habang sinisiguro ang pantay na pag-access sa proseso ng pagboto, pinoprotektahan ang integridad ng mga boto, at pinananatili ang transparent, tumpak at patas na proseso.

Cynthia Paes
Registrar of Voters
County ng San Diego

Mga Balota ng Pagboto-sa-Pamamagitan-ng-Koreo

§4005(a)(8)(A)

Ang pagpapatupad ng Voter's Choice Act (VCA) sa County ng San Diego ay inire-require na ang bawat isa sa mahigit 1.9 na milyong aktibong rehistradong botante ay tumanggap ng balota sa koreo. Napatunayan ng County ng San Diego na maayos ang pagkakaposisyon nito sa paghawak ng dami ng ipi-print, ipapadala, at ipoprosesong balotang pangkoreo na nagreresulta mula sa obligasyong ito. Ang requirement na ito ay sinusuportahan ang kasalukuyang pag-uugali ng botante at mga inaasahang kalakaran na isinaalang-alang na ng opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego.

Bukod dito, para sa lahat ng mga eleksyon sa hinaharap, ang lahat ng mga botante ay tatanggap na ngayon ng balota sa koreo anuman ang preperensya o modelo ng pagboto, alinsunod sa Assembly Bill 37 (Berman).

Background

Sa pampanguluhang primaryang eleksyon noong Marso 2020, ang opisina ng Tagapagrehistro ay naglabas ng halos 1.4 milyong balotang pangkoreo sa mga botante na partikular na humiling na matanggap ang kanilang mga balota sa pamamagitan ng koreo na tinatayang 75% ng kabuuan ng mga nakarehistrong botante ng county. Ang bilang ng mga botante na humiling na matanggap ang mga balota sa pamamagitan ng koreo ay patuloy na dumadami sa malaking bahagi ng dalawang dekada. Sa naturang malaking porsyentong mas nagnanais na bumoto sa pamamagitan ng koreo sa pagdaan ng mga taon, ang opisina ng Tagapagrehistro ay pinahusay ang mga proseso nito, dinagdagan ang kapasidad at mas higit pang handa upang mapangasiwaan ang pagproseso ng mga balotang pangkoreo nang tama at ligtas.

Ang paghahandang ito ay napatunayang matagumpay habang pinangangasiwaan ang pampanguluhang pangkalahatang eleksyon noong Nobyembre 2020. Bilang resulta ng pandaigdigang pandemyang COVID-19, ang dalawang Executive Order ng Gobernador (N-64-20 at N-67-20), at kaugnay na lehislyasyon (Assembly Bill 860 - Berman at Senate Bill 423 - Umberg) na nagpapahintulot sa Tagapagrehistro ng mga Botante na magsagawa ng pampanguluhang pangkalahatang eleksyon sa ilalim ng modelo ng pagboto na "katulad ng VCA," ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagpadala ng mahigit 1.96 na milyong balota sa lahat ng aktibong rehistradong botante sa county at ginawang available ang 235 lugar na pagbobotohan nang personal para sa apat na araw, at 125 lokasyon ng mail ballot drop-off na bukas ng halos isang buwan.

Muling nagpatakbo ang Tagapagrehistro sa ilalim ng modelong "katulad ng VCA" para sa Gubernatoryal na Recall na Eleksyon ng California noong Ika-14 ng Setyembre, 2021. Mahigit 1.96 na milyong balota ang ipinadala sa mga aktibong rehistradong botante ng county, 131 lokasyon ng mail ballot drop-off ang bukas ng halos isang buwan at 221 mga lugar ng pagboto sa personal ang bukas ng apat na araw para sa personal na pagboto.

Ang primarya noong Hunyo 2022 ay ang kauna-unahang eleksyon sa buong county na isinagawa sa ilalim ng modelong vote center na may 93% (629,276) mga botanteng sumali sa eleksyon na ibinabalik ang kanilang balotang pangkoreo at 7% (45,332) bumuboto sa personal sa vote center. Gaya ng mga nakaraang eleksyon, sumasabay ang data na ito sa kalakaran sa County ng San Diego kung saan mas gusto ng mga botante ang pagiging kumbinyente ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Ang kalakaran ay nagpatuloy sa pangkalahatang eleksyon noong Nobyembre 2022 kung saan muli, mahigit 1.9 na milyong balota ang ipinadala sa bawat aktibong rehistradong botante sa county. Sa pangkalahatang eleksyon, 90% (939,102) ng mga botanteng sumali ay ibinalik ang kanilang balotang pangkoreo at 10% (104,388) ay bumoto sa personal sa vote center.

Pag-print ng Balota at Paghahanda sa Pagpapadala sa Koreo

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay may vendor na sinertipikahan ng estado na kayang hawakan ang kapasidad sa pag-print at pagpapadala ng balota ng pagboto sa koreo. Ang opisina ay nagpanatili rin ng pangmatagalan at matatag na pakikipagtulungan sa lokal na opisina nito ng United States Postal Services upang masiguro ang nasa oras na pagpapadala at pagbabalik ng mga balotang pangkoreo.

Ang pakete ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay ipinapadala sa mga botante sa puting sobre na may tatak ng logo ng Opisyal na Koreo ng Eleksyon at naglalaman ng mga sumusunod:

- Isang dilaw na ibinabalik na sobre
- Ang opisyal na balota, na maaaring nasa maraming card ng balota depende sa kung gaano karaming kontest ang nasa eleksyon
- Mga instruksyon sa kung paano kukumpletuhin at ibabalik ang balota
- Ang pinakamalapit na lokasyon ng ballot drop box kasama ang mga direksyon sa mga kumpletong listahan at mga oras ng operasyon sa sdvote.com
- Isang sticker na “Bumoto Ako”

Pagproseso ng mga Ibinalik na Balotang Pangkoreo

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nag-invest sa pagdaan ng mga taon upang mapamahalaan ang dulo ng pagproseso ng mga balotang pangkoreo. Ang opisina ay kasalukuyang nagpapatakbo ng sariling high-speed mail sorting na mga makina na ginagamit upang iproseso ang mga ibinalik na sobre ng balotang pangkoreo. Ang kagamitang ito ay kumukuha ng imahe ng bawat ibinalik na sobre, at sinusubaybayan kung ang sobre ng balotang pangkoreo ay naibalik na. Ang imahe ng pirma sa ibinalik na sobre ay ginagamit ng mga tauhan upang isagawa ang paghahambing sa pirma at malaman kung maihahambing ang pirma sa pirma ng botante na nasa file. Ang speed ng mail sorting equipment, ang pagsasama nito sa proseso ng pagberipika ng pirma, at ang paggamit ng automated extraction machine ay nagpahintulot sa opisina ng Tagapagrehistro na pangasiwaan sa maayos na paraan ang dami ng ibinalik na balotang pangkoreo.

Pagbilang ng mga Ibinalik na Balotang Pangkoreo

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay may walong matataas na kapasidad na mga scanner na makakapag-scan ng mahigit 10,000 balota kada oras kada scanner. Ang mga ito ay binili noong 2019 at dumoble ang kapasidad sa pag-scan. Ang opisina ay may access sa karagdagang 40 Canon scanner na nakakapag-scan ng mahigit 4,000 balota kada oras kada scanner at maaaring magamit kapag kailangan ng karagdagang kapasidad sa panahon ng siklo ng eleksyon.

Pag-track sa mga Balotang Pangkoreo

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay gumagamit ng sistemang Where's My Ballot ng Secretary of State na pinatatakbo sa pamamagitan ng BallotTrax. Ang sistemang ito ay nagbibigay ng karagdagang transparency para sa mga botante pagdating sa katayuan ng kanilang ipinakoreong balota. Ang mga botante ay maaaring tumanggap ng mga notipikasyon habang ang kanilang may seguridad na ibinabalik na sobre na may kalakip na balota ay lumilipat sa koreo. Ang mga balotang pangkoreo ay nata-track gamit ang Intelligent Mail Barcode (IMB) na ginagamit ng United States Postal Service upang sumubaybay kapag ang mga balota ay ipinapadala at ibinabalik sa opisina ng Tagapagrehistro.

Mga Lokasyon ng Vote Center at Ballot Drop Box

§4005(a)(10)(B)

Ang VCA ay nagtatatag ng mga detalyadong pamantayan at pormula para sa paglalagay at mga lokasyon ng mga vote center at lokasyon ng mga ballot drop box. Ang mga lokasyon ng mga vote center at ballot drop box ay pagpapasiyahan batay sa mga espesipikong konsiderasyon at inire-require kabilang ang:

- May kalapitan sa pampublikong transportasyon
- May kalapitan sa mga komunidad na may kasaysayang may mababang paggamit ng pagboto-sa-pamamagitan-ng-koreo
- May kalapitan sa mga sentro ng populasyon
- May kalapitan sa mga komunidad ng minorya sa wika
- May kalapitan sa mga botanteng may kapansanan
- May kalapitan sa mga komunidad na mababa ang bilang ng mga sambahayang nagmamay-ari ng sasakyan
- May kalapitan sa mga komunidad ng may mababang-kita
- May kalapitan sa mga komunidad ng mga karapat-dapat na botanteng hindi nakarehistro para makaboto
- May kalapitan sa mga populasyon na nakabukod ang lugar, (mga reserbasyon ng Native American)
- May kalapitan sa campus ng kolehiyo o unibersidad
- Access sa accessible at libreng paradahan
- Distansiya at oras na dapat maglakbay ang botante sa pamamagitan ng kotse o pampublikong transportasyon
- Mga alternatibong paraan para sa mga botanteng may kapansanan
- Mga takbo ng trapiko
- Mobile o pop-up na mga opsyon ng vote center

Pormula at mga Konsiderasyon sa Vote Center

§4005(a)(10)(l)(vi)(l)

Ang VCA ay nagtatag ng isang pormula para sa pagpapasya ng bilang ng mga vote center batay sa bilang ng mga rehistradong botante. Ang mga county ay inutusang magbigay ng isang 11-araw na vote center para sa bawat 50,000 rehistradong botante at isang 4-na-araw na vote center para sa bawat 10,000 rehistradong botante. Batay sa algorithm na outline sa VCA, ang inire-require na minimum ay 39 na vote center na bukas ng 11 araw, kabilang ang Araw ng Eleksyon, at minimum na 193 vote center na bukas ng apat na araw, kabilang ang Araw ng Eleksyon, sa County ng San Diego.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbibigay ng higit pang 4-na-araw na mga vote center kaysa sa ini-require na minimum na bilang. Ang County ng San Diego ay magpapatakbo ng tinatayang 39 na vote center na bukas ng 11 araw, kabilang ang Araw ng Eleksyon kung saan ang lahat ng lokasyon ay bukas sa huling apat na araw ng pagboto sa buong County ng San Diego. Ang mga vote center ay mayroong ng dalawang “araw ng pagbubukas”, na may mas malaking bilang ng mga vote center na pinapatakbo sa huling apat na araw ng pagboto na may mga pinalawig na oras sa Araw ng Eleksyon.

Ang pagdagdag sa bilang ng mga lokasyon ay magpapahintulot sa pagtatalaga ng mga karagdagang mga vote center sa mga lugar na may mga partikular na pangangailangan at sa mga nakabukod na komunidad gaya ng Borrego Springs, Boulevard, Campo, Descanso, Rincon, at Warner Springs.

Mga Minumum na Inire-require sa Vote Center

Ang mga vote center ay napagpasyahan batay sa mga inire-require na nakalagay sa batas, sa kadaliang magamit ng mga botanteng may kapansanan at mga pangangailangan sa wika, kahandaan ng lokasyon, at feedback ng publiko. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay gagamitin ang data ng botante at populasyon upang tumulong sa pagpili ng mga pinakamagandang lugar para sa mga vote center.

Tinukoy at patuloy na ia-assess ng opisina ng Tagapagrehistro ang mga potensyal na pasilidad upang masiguro na ang mga lokasyon ay ipinamamahagi sa buong County ng San Diego sa paraang nagbibigay ng mas malaking access at kaginhawaan para sa lahat ng botante.

Pagpili sa Lugar ng Vote Center

Ang VCA ay nagre-require sa mga county na isaalang-alang sa minimum ang labing-apat na pamantayan kapag nagtatatag ng mga vote center. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay gumagamit ng kagamitang pangmapa ng Center for Inclusive Democracy (CID) at ng magagamit na geospatial na data na nasa pinakakasalukuyan mula sa SanGIS upang isaalang-alang ang lahat ng inire-require na pamantayan. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagbibigay ng access sa interaktibong kagamitang pangmapa ng CID na nagpapahintulot sa gumagamit na hanapin at suriin ang anumang iminumungkahing lokasyon batay sa mga inire-require na pamantayan (Tingnan ang paglalarawan sa Kagamitang Pangmapa ng Center for Inclusive Democracy sa pahina 24).

Habang ang Kagamitang Pangmapa ng CID ay nagbibigay ng mabilis at mabisang paraan upang i-assess ang mga iminumungkahing lokasyon batay sa mga inire-require na pamantayan, ito ay hindi awtomatikong naglilinaw kung saan tutukuyin at kukumpirmahin ang mga lokasyon ng vote center.

Assessment sa Survey ng Vote Center

Bukod sa pagsasaalang-alang sa mga inire-require na pamantayan, isinasaalang-alang ng assessment sa survey ng vote center ang marami sa ibang mga elemento ng pagpili ng lugar na, bagaman hindi inire-require ng VCA, ay nakakaapekto sa proseso ng pagpili ng lugar ng vote center. Ang ilang halimbawa nitong mga elemento ng pagpili ng lugar ay tatahakin sa paglalakbay, sukat ng silid ng pagboto, ang pagkakaroon ng sapat na pag-iilaw (pareho sa loob at labas), ang pangheograpikong lugar ng iminumungkahing lugar, koneksyon sa internet, at kapasidad ng elektrisidad.

Proseso ng Pag-recruit sa Pasilidad ng Vote Center

Bilang resulta ng pandaigdigang pandemyang COVID-19 at pang-emerhensyang lehislyasyon, ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagsagawa ng parehong mga pampanguluhang pangkalahatang eleksyon noong Nobyembre 2020 at gubernatoryal na recall na eleksyon noong Setyembre 2021 sa ilalim ng modelo ng pagboto na “katulad ng VCA” na may 221 sa 235 na lokasyon ng pagboto na bukas para sa apat na araw ng pagboto sa buong county. Ang

mga lokasyon ng pagboto na ito ay muling pinag-aralan at ini-assess upang malaman kung tutugon ang mga ito sa mga minimum na inire-require para sa vote center mula ngayon.

Pananaliksik ng Pasilidad

Batay sa dating proseso ng pag-recruit sa pasilidad bago pa mag Nobyembre 2020, isang listahan ng mahigit 500 lokasyon ng pagboto ang napag-aralan at kinontak upang magsilbi bilang mga posibleng vote center kung natugunan ang mga unang pamantayan.

Nakipag-ugnayan sa mga hindi-pampublikong pasilidad para sa higit pang pagtalakay tungkol sa kahandaan at mga potensyal na gastos. Nakipag-ugnayan sa mga pampublikong pasilidad upang mag-iskedyul ng mga assessment sa survey ng vote center.


Alinsunod sa dating ginamit na pananaliksik sa lugar ng botohan, ang mga karagdagang pampublikong ari-arian at pasilidad sa loob ng county ay kasalukuyang sinusuri sa tuwing kailangan at idinadagdag sa master list para sa karagdagang pananaliksik. Ang mga naaangkop na pasilidad na hindi nagsilbi bilang mga lugar ng botohan ay kinontak para sa mga assessment sa lugar ng vote center. Bukod dito, batay sa data ng populasyon, sinuri ang mga lungsod para sa pinagtutuunang bilang ng mga vote center.

Listahan ng mga Potensyal na Vote Center kasama ang mga Araw at Oras ng Operasyon §4005(a)(10)(I)(vi)(III), §4005(a)(10)(I)(vi)(VI)

Ang mga lokasyon ng vote center ay pinili kasabay ng mga feedback ng publiko at mga inire-require gaya ng kinakailangan ng batas. Ang pinal na listahan ng mga piniling mga vote center ay kasama sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at makukuha sa website ng Tagapagrehistro, sdvote.com sa panahon ng bawat siklo ng eleksyon.

Simula sampung araw bago ang Araw ng Eleksyon, humigit-kumulang 39 na vote center ang magbubukas para sa pinakamababang walong oras kada araw. Isang karagdagang ~179 na vote center ang magbubukas simula sa tatlong araw bago ang Araw ng Eleksyon para sa pinakamababang walong oras kada araw hanggang sa Araw ng Eleksyon, kung saan ang lahat ng vote center ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi. Tingnan ang pahina 92 para sa Talahanayan ng 11-Araw at 4-na-Araw na mga Lokasyon sa panahon ng paglalathala.

Mapa ng mga Suhestiyong Lugar para sa mga Vote Center



Layout ng Vote Center

§4005(a)(10)(I)(vi)(XI)

Ang mga vote center ay naghahandog ng mga pinahusay na serbisyo at benepisyo na ligtas at kumbinyente. Ang lahat ng vote center ay magkakaroon ng minimum na apat na elektronikong listahan (mga elektronikong pollbook, o mga e-pollbook) na nagpapahintulot sa mga tauhan ng vote center na beripikahin ang katayuan at pagiging karapat-dapat ng botante nang mabilis at madali, at minimum na apat hanggang walong ballot marking device. Tinatalakay ang mga ballot marking device nang mas detalyado sa pahina 33.

Sa mga vote center, magagawa ng isang botante na:

- Personal na bumoto o ihulog ang nabotohang balotang pangkoreo (selyado sa loob ng ibinabalik na sobre)
- Gamitin ang touchscreen na ballot marking device upang markahan ang mga pinili at i-print ang opisyal na balota
 - Ang lahat ng ballot marking device ay lubos na accessible na nagpapahintulot sa mga botanteng may kapansanan na bumoto nang mag-isa at sa pribadong paraan
- Bumoto sa personal gamit ang balotang natanggap ninyo sa koreo pagkatapos mag-check in at pumirma sa elektronikong listahan
- Kung nagkamali kayo o nawala ang balotang natanggap ninyo sa koreo, sa halip ay maaari kayong bumoto sa personal gamit ang ballot marking device sa anumang vote center
- Humingi ng tulong sa wika
- Magparehistro para makaboto sa parehong araw
- I-update ang impormasyon sa rehistrasyon ng botante (adres, pangalan, preperensyang pampulitikang partido)

Ipinatupad ng opisina ng Tagapagrehistro ang mga patnubay sa layout ng vote center upang masiguro na ang lahat ng ballot marking device at booth sa pagboto ay inilalagay sa paraang nagpapahintulot sa botanteng markahan ang kanyang balota nang mag-isa at pribado. Ang mga layout ay magiging sensitibo sa mga pangangailangan sa kadaliang paggamit ng mga botante at iaakma upang bigyang-daan ang magkakaibang hubog at sukat ng silid ng bawat lokasyon (tingnan ang pahina 91 sa Mga Apendise para sa sampol na layout).

Isinasama sa bawat layout ng vote center ang limang istasyon:

1. Istasyon ng Bag para sa Balotang Pangkoreo: Tumatanggap ng mga ibinabalik na sobre ng balotang pangkoreo mula sa mga botante.
2. Istasyon ng Pagbati: Bumabati sa mga botante, pinamamahalaan ang anumang linya, nagbibigay ng mga check-in form, clipboard, bolpen, at idinidirekta ang mga botante sa istasyon para sa pag-check-in
3. Istasyon para sa Pag-check-in: Itsini-check-in ang mga botante, kondisyonal na inirerehistro ang mga botante at nagbibigay ng tulong

4. Istasyon ng Pagboto: Minamarkahan ng mga botante ang kanilang pinili nang pribado at mag-isa gamit ang ballot marking device o sa booth sa pagboto (minamarkahan ang balotang natanggap sa koreo)
5. Istasyon para sa Pag-check-out: Inihuhulog ng manggagawa sa botohan ang balota sa opisyal na kahon ng balota at ibinibigay ang sticker na “Bumoto Ako”

Tandaan: Bagaman hindi isang “istasyon”, ang Voter Access Table ay isinasama rin sa layout ng vote center para sa pare-parehong pagtatalaga ng resources ng botante sa bawat vote center.

Bilang ng mga Empleyado sa Vote Center

§4005(a)(10)(I)(vi)(IX)

Ang tinatayang bilang ng mga empleyado sa vote center ay batay sa bilang ng 11-araw at 4-na-araw na mga vote center, ang bilang ng mga istasyon para sa pag-check-in at mga ballot marking device kaugnay ng inaasahang boboto sa vote center at isang iskedyul na sumusuporta sa pambuong-araw na shift. Ang mga tantiya ang bilang ng mga kinakailangang empleyado sa vote center ay kinakalkula batay sa average na anim na tauhang kailangan sa 11-araw na sentro, at labindalawang tauhan sa huling apat na araw ng pagboto sa lahat ng center. Ang average ay nagsasaalang-alang na maaaring may mga pagkakaiba sa bilang ng kinakailangang tauhan sa alinmang vote center.

Uri ng Vote Center	# ng mga Lugar	Uri ng Tauhan	# ng mga Araw	Mga Buong Araw na Shift	Inaasahang Tauhan
11-Araw	39	6-kataong tauhan	7 Araw	39 na lugar x 6 na tauhan	234
		12-kataong tauhan	4 Araw	39 na lugar x 6 na idinagdag na tauhan	234
4-Araw	179	12-kataong tauhan	4 Araw	179 na lugar x 12 na tauhan	2,148
Kabuuang Inaasahang Pangangailangan (Ang lahat ng bilang ay mga tantiya)	218				2,616

Pagsasanay ng mga Empleyado sa Vote Center

Ang pagsasanay sa mga empleyado ng vote center ay ginagabayan ng Mga Pamantayan ng Pagsasanay sa Manggagawa ng Botohan ng California Secretary of State. Ang Manual ng Pagsasanay ng Manggagawa sa Botohan at iba pang mga materyal sa pagsasanay ng county ay makikita sa website ng Tagapagrehistro sa [Pagsasanay ng mga Manggagawa sa Botohan \(sdvote.com\)](http://sdvote.com). Karaniwang ipino-post ang materyal na ito isang buwan bago ang Araw ng Eleksyon.

Pormula at mga Konsiderasyon sa Lokasyon ng Ballot Drop Box §4005(a)(10)(I)(vi)(II)

Ang VCA ay nagtatag ng isang pormula para sa pagpapasya ng bilang ng mga lokasyon ng ballot drop box batay sa bilang ng mga rehistradong botante. Ang mga county ay inutusang magbigay ng hindi bababa sa dalawang lokasyon sa loob ng hurisdiksyon kung saan isinasagawa ang eleksyon o hindi bababa sa isang lokasyon ng ballot drop box para sa bawat 15,000 rehistradong botante. Ang Tagapagrehistro ng County ng San Diego ay nagbibigay ng humigit-kumulang sa 140 lokasyon ng ballot drop box sa buong County ng San Diego na mahigit sa inire-require na minimum.

Ang mga minimum na pamantayan ay isinaalang-alang at sinusuri habang naghahanap ng mga potensyal na lokasyon ng ballot drop box. Ang mga lugar ng ballot drop box ay nagbibigay sa mga botante ng mga karagdagang opsyon upang ihulog ang kanilang balota sa ligtas at kumbinyenteng paraan. Ang mga pinakamahasag na pagsisikap ay ginawa upang matukoy ang mga lugar na may konsiderasyon kung kasalukuyang may mga kamerang panseguridad at matatagpuan sa mga lugar na iba sa mga lugar ng vote center at mga tanggapan ng koreo. Sa panahon ng paglalathala, may kombinasyon ng mga indoor at outdoor na lokasyon ng drop box.

Mga Minimum na Inire-require sa Ballot Drop Box §4005(a)(10)(I)(vi)(VI)

Bukod sa mga minimum na inire-require ng VCA, ang opisina ng California Secretary of State ay nagbibigay ng mga regulasyon gaya ng mga inire-require sa kadaliang paggamit at wika. Ang mga stand-alone na ballot drop box ay idinisenyo upang magbigay ng isinaling inire-require na wika sa graphics ng ballot drop box, at ang likhang-sining ay binuo gamit ang high contrast upang mapabuti ang pagbabasa para sa mga botanteng may kapansanan sa paningin. Sinusuri ng opisina ng Tagapagrehistro ang posibilidad ng pagdagdag ng mga tampok upang suportahan ang mga botanteng may kapansanan, at patuloy na makikipagtulungan sa mga partner sa komunidad upang saliksikin ang mga pinakamahasag na gawain para sa konsiderasyon sa hinaharap.

Ang mga lokasyon ng ballot drop box, ito man ay nasa looban o labasan, ay napagpasyahan batay sa mga inire-require na nakatakda sa VCA, sa kadaliang paggamit ng mga botanteng may kapansanan at mga pangangailangan sa wika, kahandaan ng lokasyon, at feedback ng publiko.

Tinukoy ng opisina ng Tagapagrehistro ang mga lokasyon upang masiguro na ang mga ballot drop box ay ipinamamahagi sa buong County ng San Diego sa paraang nagbibigay ng mas malaking access at kaginhawaan para sa lahat ng botante.

Sinunod ng opisina ng Tagapagrehistro ang “California Code of Regulations (CCR) Title 2. Administration, Division 7, Chapter 3. Article 1. Mga Lokasyon ng mga Ballot Drop Box ng Pagboto sa Koreo at Paghulog ng Pagboto sa Koreo” na mga patnubay na nagbibigay ng mga hakbang na panseguridad sa mga inire-require sa disenyo ng ballot drop box, pagsubaybay sa seguridad at mga pamamaraan ng paggamit sa panahon ng pagboto. Ang disenyo at wikang

naka-print sa mga ballot drop box ay nagbigay ng kaalaman sa publiko na ang kahon ay opisyal at ligtas. Ang mga ballot drop box ay may mga nakapagpapaiwas na seguridad tulad ng coating na laban sa bandalismo, mga tampok na nakakapatak ng apoy, at ginawa mula sa high grade, heavy gauge na stainless steel na may dobleng lock na mapapasukang pinto, at mga anti-pry door jamb.

Assessment sa Survey sa Ballot Drop Box

Ang VCA ay nagrerequire sa mga county na isaalang-alang sa minimum ang labing-apat na pamantayan kapag nagtatatag ng mga lokasyon ng ballot drop box. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay gumagamit ng kagamitang pangmapa ng Center for Inclusive Democracy (CID) at ng magagamit na geospatial na data na nasa pinakakasalukuyan mula sa SanGIS upang isaalang-alang ang lahat ng inire-require na pamantayan. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagbibigay ng access sa interaktibong kagamitang pangmapa ng CID na nagpapahintulot sa gumagamit na hanapin at suriin ang anumang iminumungkahing lokasyon batay sa mga inire-require na pamantayan (tingnan ang paglalarawan sa Kagamitang Pangmapa ng Center for Inclusive Democracy sa pahina 24).

Habang ang Kagamitang Pangmapa ng CID ay nagbibigay ng mabilis at mabisang paraan upang i-assess ang mga iminumungkahing lokasyon batay sa mga inire-require na pamantayan, ito ay hindi awtomatikong naglililaw sa mga pinal na lokasyon ng ballot drop box.

Bukod sa mga minimum na inire-require, ang mga karagdagang pamantayan ay isinaalang-alang sa pagpili ng mga lokasyon ng ballot drop box. Ang mga pamantayang ito, habang hindi inire-require ng VCA, ay makakaapekto sa proseso ng paghahanap ng lugar, at magpapabuti sa pagiging kanais-nais ng lokasyon. Kabilang sa ilang halimbawa ng mga elementong ito ng pagpili ng lugar ang pagkakaroon ng isang kamerang panseguridad sa lugar, kahandaan ng mga pangmaikling panahon/pansamantalang espasyong paradahan para sa pangkat ng pagtitipon ng balota, at pagkakaroon ng sapat na pag-iilaw sa iminumungkahing lugar.

Proseso ng Pag-recruit ng Lokasyon ng Ballot Drop Box

Ang paketeng nagbibigay ng impormasyon ay binuo na sinamahan ng flyer tungkol sa ballot drop box na may mga espesipikasyon, inaasahan, at mga madalas na itanong. Ang pakete ay ginamit sa pakikipag-ugnayan sa mga potensyal na lugar at nagbigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa proseso ng ballot drop box. Isinama sa pakete ang kasunduan sa ballot drop box nang sa gayon ang lahat ng partido ay may malinaw na pang-unawa sa mga papel at oblikasyon, at kasunduan sa lisensya sa paggamit ng pasilidad para sa patuloy na paggamit ng mga kasalukuyang lokasyon. Ang impormasyong ito ay ini-update at ipinamahagi bago ang pag-recruit sa mga bagong lokasyon ng ballot drop box bago ang bawat siklo ng eleksyon.

Ang mga naunang lugar na botohan at lokasyon ng mail ballot drop off ay pinag-aralan upang malaman kung ang lokasyon ay makakasuporta sa lugar ng ballot drop box. Kasabay na nagtatrabaho sa mga pagpili ng potensyal na lugar ng vote center, ang mga potensyal na lokasyon ng ballot drop box ay natukoy na magbibigay ng mga karagdagang

opsyon para sa mga botante upang ihulog ang mga pinagbotohang balota. Bukod dito, nagsagawa ng pananaliksik tungkol sa mga potensyal na lugar sa lungsod, aklatan, campus ng kolehiyo, at ibang mga lokasyon sa lungsod na magagamit ng publiko. Tinukoy rin ang mga kilalang sentro ng pamilihan ng retail at pribado ang may-ari na mga ari-arian Katulad ng proseso ng pag-recruit sa vote center, ang mga lungsod at lugar na may pinakamalaking pangangailangan para sa mga ballot drop box ay inuna.

Ang bawat potensyal na lugar ay sumailalim sa isang pag-assess ng lugar upang malaman ang kaangkupan at kadaliang magamit.


Listahan ng mga Potensyal na Ballot Drop Box Kasama ang mga Araw at Oras ng Operasyon §4005(a)(10)(I)(vi)(IV), §4005(a)(10)(I)(vi)(VII)

Ang mga lokasyon ng ballot drop box ay pinili kasabay ng mga feedback ng publiko at mga inire-require gaya ng kinakailangan ng batas. Ang pinal na listahan ng mga piniling lokasyon ng ballot drop box ay isinama sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at makukuha sa website ng Tagapagrehistro sa sdvote.com sa panahon ng bawat siklo ng eleksyon.


Ang mga lokasyon ng ballot drop box ay magbubukas sa mga regular na oras ng tanggapan ng pasilidad para sa mga matatagpuan indoors at para sa mga matatagpuan outdoors, available ang mga ito ng 24 na oras sa isang araw, 7 oras sa isang linggo. Ang lahat ng lokasyon ng ballot drop box ay magsasara sa Araw ng Eleksyon, sa ganap na ika-8 ng gabi.

Tingnan ang pahina 92 sa Mga Apendise para sa Talahanayan ng mga Lokasyon ng Ballot Drop Box sa panahon ng paglalathala.

Mapa ng mga Suhestiyong Lugar para sa mga Lokasyon ng Ballot Drop Box



Mapa ng mga Lokasyon ng Ballot Drop Box sa panahon ng Paglalathala



County of San Diego Ballot Drop Box Locations - November 8, 2022

Kasangkapan sa Pagmapa at Metodolohiya ng Vote Center at Ballot Drop Box

Upang makatulong sa pagpili ng mga lugar para sa mga vote center at mga lokasyon ng ballot drop box, ang tanggapan ng Tagapagrehistro ay gumagamit ng [Center for Inclusive Democracy \(CID\) siting tool](#) at ng teknolohiyang Geographic Information System (GIS) ng County upang makatulong sa pagtukoy ng pinakamahuhusay na lugar para sa mga potensyal na vote center at mga lokasyon ng ballot drop box. Ito ay isinasakatuparan sa pamamagitan ng pag-iisip ng data na pandemograpiya at ng botante, mga nakaraang lugar ng botohan, impormasyon tungkol sa parcel, data ng senso, at impormasyon tungkol sa presinto sa antas na pangkomunidad.

Sa paggamit ng grid ng kagamitang pangmapa, na binubuo ng mga selulang may kalahating metro na sakop ang buong county, ang “mga angkop na lugar” ay tinukoy at inihambing batay sa naka-archive na lugar ng botohan, mga lokasyon ng pagboto at mga bagong pampublikong ari-arian at pasilidad. Ang mga assessment sa survey ay isinagawa upang malaman kung ang mga lokasyon ay tutugon sa minimum na inire-require na mga pamantayan at iba pang mga elemento sa pagpili ng lugar para sa lokasyon ng vote center o ballot drop box.

Upang higit pang makatulong sa proseso, isinama ang CID data sa mga potensyal na lokasyon ng vote center at ballot drop box batay sa mga naka-archive na lugar ng botohan, lokasyon ng pagboto, pampublikong impraestruktura, at lugar ng komunidad. Pinahihintulutan nito ang pagsubok sa mga kasalukuyang data, pagmungkahi ng mga bagong lugar, at pagsubaybay sa progreso ng proseso ng pagpili ng lugar upang makagawa ng mga may-kaalamang desisyon.

Pamamaraan

Sa paggamit ng kagamitang pangmapa ng CID, mga elemento sa pagpili ng lugar, at teknolohiyang GIS, tinukoy ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego ang mga lokasyon para sa lahat ng “angkop na lugar” sa County na mangangasiwa sa mga vote center at mga lokasyon ng ballot drop box.

Porma ng Suhestiyon para sa Pagpili ng Site sa Website

Ang isa pang paraan sa pagpili ng mga lokasyon ng vote center at ballot drop box para sa assessment ay ang feedback ng publiko na natatanggap sa pamamagitan ng Porma ng Suhestiyon para sa Site sa [sdvote.com](#). Ito ay nagpahintulot sa publikong magkaloob ng isang pangalan ng pasilidad, address, at isang dahilan para sa pagmungkahi ng lokasyon. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay patuloy na sumusubaybay sa feedback na nauugnay sa mga lokasyon ng vote center at ballot drop box.

Mga Serbisyo para sa mga Botanteng May Kapansanan

§4005(a)(10)(I)(vi)(X)

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego ay nakatuon sa pagsuporta sa mga botanteng may kapansanan. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay patuloy na palalawakin at ia-update ang mga serbisyo para sa mga botanteng may kapansanan sa pamamagitan ng kolaboratibong proseso ng pagmungkahi ng komunidad at komite ng tagapayo at sa pamamagitan ng paggamit ng updated comprehensive accessibility survey.

Sinusuportahan ng opisina ng Tagapagrehistro ang mga botanteng may kapansanan sa pamamagitan ng:

- Sinisuguro na tumutugon ang lahat ng vote center sa mga inire-require sa kadalian ng paggamit
- Paggamit ng mga ballot marking device kasama ang kasalukuyang teknolohiyang sumusuporta sa kadalian ng paggamit (tinalakay nang mas detalyado sa pahina 33)
- Pagbibigay ng pagboto sa gilid ng bangketa sa mga vote center
- Pagbibigay ng kakayahang bumoto nang mag-isa mula sa tahanan sa pamamagitan ng sistema ng malayuang accessible na pagboto sa pamamagitan ng koreo (RAVBM) ng county
- Pagbibigay ng mga bersyong audio at malalaking print ng mga materyal sa pagboto
- Pagbibigay ng mga virtual na ASL na interpretasyon sa mga vote center
- Pagbibigay ng Voter Access Table sa mga vote center na may mga materyal at resources para sa wika.

Updated Accessibility Survey

§4005(a)(4)(C)

Upang sumunod sa mga inire-require na kadaliang paggamit, ang Accessibility Checklist ng Secretary of State ay pinag-aralan, at ang mga karagdagang inire-require ay idinagdag sa Survey ng Lugar ng Botohan ng Tagapagrehistro ng mga Botante na likhain ang Survey sa Vote Center ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego.

Ang ini-update na bersyon ay nakapokus sa mas malalim na pagsusuri sa mga daang binabiyaha mula sa pampublikong transportasyon, paghahanap ng mga lugar na may pinakamataas na bilang ng accessible na mga espasyong paradahan, at mga karagdagang tanong upang makita ang pagkakaiba sa pagitan ng mga uri ng mga rampa sa gilid ng bangketa.

Ang nakaraang survey ay pinag-aralan din upang matiyak na ang lahat ng tanong sa kasalukuyang survey ay sumusunod sa Accessibility Checklist ng Secretary of State at sa mga inire-require sa VCA. Ang format ng Survey ng Vote Center ay ini-update din mula sa dating mga papel na bersyon at lipas na sa panahong mga elektronikong bersyon patungo sa isang nakabase-sa-aplikasyon na programa na magagamit sa isang mobile na elektronikong device.

Impormasyon para sa mga Serbisyo para sa mga Botanteng May Kapansanan na kasama sa mga Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at mga intruksiyon sa VBM §4005(a)(8)(B)(i)(IV)

Kasama sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ang impormasyon tungkol sa kung paano makakahiling ng tulong ang mga botanteng may kapansanan, numero ng telepono ng Hotline sa Pagboto ng Disability Rights California, at kung paano makikipag-ugnayan sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante para sa anumang mga pangkalahatang katanungan. Bukod dito, tinutukoy ng pamplet na ang botanteng hindi kayang magmarka ng balota ay maaaring magsama ng hanggang dalawang indibidwal upang tumulong sa pagboto. Kasama rin sa pamplet ang postcard na may bayad nang selyo para sa mga botanteng humiling ng remote na accessible na balota ng pagboto sa koreo (RAVBM).

Ang mga instruksiyon sa balotang pangkoreo ay nagbibigay ng kaalaman sa mga botante na makahihiling ng mga materyales sa eleksyon sa isang accessible na format.

Accessible na Impormasyong Naka-post sa Website

§4005(a)(10)(I)(i)(IV), §4005(a)(8)(B)(ii)

Ang website ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay nagbibigay ng impormasyon sa lahat ng botante sa isang accessible na format. Ang espesyal na atensiyon ay ibinigay sa disenyo ng website upang mapangasiwaan ang pag-akma sa mga tagabasa ng screen at madaling pag-navigate.

Ang website ay nagkaloob sa mga botante ng impormasyong may kaugnayan sa proseso ng eleksyon, pagpaparehistro upang makaboto, pagsasabatas ng VCA, at sa Election Administration Plan (EAP). Ang website ay mayroon ding nakatuon na webpage na [Accessible na Pagboto \(sdvote.com\)](#) na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga serbisyong makukuha ng mga botanteng may kapansanan, kabilang ang:

- Vote Center at ballot drop box accessibility
- Paglalarawan at mga instruksiyon sa ballot marking device
- Resources para sa mga botanteng may kapansanan
- Paghiling ng remote accessible vote by mail ballot (RAVBM)

Ang website ay kinabibilangan ng impormasyon tungkol sa mga uri ng serbisyong makukuha ng mga botanteng may kapansanan, kung ano ang mga serbisyong makukuha sa mga vote center, at marami pa. Ito ay kinabibilangan din ng isang listahan ng mga vote center at mga ballot drop box sa accessible na format para sa bawat eleksyon.

Paano makakahiling ang Botanteng May Kapansanan ng Balotang Pangkoreo, RAVBM, o Pamalit na Balota

§4005(a)(5), §4005(a)(10)(I)(ii)

Sa paglipat sa mga vote center, ang taong may kapansanan ay makakahiling ng balotang pangkoreo, RAVBM, o pamalit na balota sa pamamagitan ng website, sa pamamagitan ng

email, sa telepono, sa sinulatan na porma, o nang personal sa opisina ng Tagapagrehistro. Maaari ring humiling ang botante ng RAVBM sa pamamagitan ng postcard na may bayad nang selyo na kasama sa bawat Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Bukod sa mga opsyong ito, ang mga botante ay makakahiling nang personal ng pamalit na balota at makakaboto sa alinmang vote center.

Remote Accessible Vote-By-Mail (RAVBM)

§4005(a)(8)(B)(i)(IV)

Ang mga rehistradong botante ng County ng San Diego na may kapansanan ay maaaring humiling ng isang maaaring i-download na balota sa pamamagitan ng pagkonekta sa sistema ng remote accessible vote-by-mail (RAVBM) ng Tagapagrehistro. Ang RAVBM ay nagbibigay sa mga botanteng may kapansanan ng kakayahang humiling ng access sa balotang pangkoreo sa paraang elektroniko. Ang balota ay maaaring i-download sa computer ng botante, mamarkahan gamit ang sariling pantulong na teknolohiya ng botante, at saka mai-print. Ibibigay ang mga instruksyon sa sistema ng RAVBM.

Gaya ng sa anumang balotang pangkoreo, ang mga balotang RAVBM ay kailangang selyado sa loob ng ibinabalik na sobre gaya ng ibinibigay sa instruksyon ng sistema, pinirmahan, at ibinalik sa pamamagitan ng koreo o sa alinmang lokasyon ng vote center o opisyal na ballot drop box.

Mababasa rin ang mga instruksyon sa pagbabalik sa pamplet ng impormasyon para sa botante na ipinadala sa adres na pangkoreo o email address ng bawat botante.

Uri at Bilang ng mga Accessible na Ballot Marking Device

§4005(a)(2)(B), §4005(a)(4)(D), §4005(a)(10)(I)(vi)(X)

Lahat ng vote center ng County ng San Diego ay nagtataglay ng minimum na apat hanggang walong ganap na accessible na ballot marking device at maaaring palawakin ang bilang ng mga kagamitan depende sa sukat ng silid ng pagboto at mga pangangailangan ng botante. Ang lahat ng botante ay inaalukan ng paggamit ng mga accessible na ballot marking device na ito.

Magagawa ng isang botante na markahan ang kanyang balota gamit ang display ng touchscreen, kagamitang napapatakbo ng audio, o ang kanyang sariling pantulong na teknolohiya. Ang mga ballot marking device ay magbibigay sa mga botanteng may kapansanan ng isang malayang karanasan sa pagboto. Ang mga ballot marking device ay isasaayos upang pahintulutan ang lahat ng botante ng oportunidad na ihulog ang kanilang balota nang pribado at nang mag-isa. Tinalakay ang mga ballot marking device nang mas detalyado sa pahina 33.

Uri at Bilang ng mga Makatwirang Pagbabago sa mga Vote Center

§4005(a)(6)(D), §4005(a)(10)(I)(vi)(X)

Mayroong maraming uri ng makatwirang pagbabagong inihahandog sa loob ng mga vote center. Ang minimum na pamantayang apat hanggang walong accessible na ballot marking device, at mga pisikal na pagbabago ay itatalaga upang suportahan ang mga botanteng may kapansanan.

Ang mga magnifier at gabay sa pagpirma ay magagamit ay kitang-kitang naka-display sa bawat istasyon para sa pag-check-in. Mayroong mga mauupuan kung kailangan sa mga istasyon para sa pag-check-in at sa mga accessible sa yunit ng pagboto. Kung kailangan ng botante ng karagdagang tulong, ang mga empleyado sa vote center ay nakahandang tumulong sa isang botante bilang gabay sa pagtingin sa pamamagitan ng silid ng pagboto, o upang basahin ang anumang impormasyon.

Bukod sa mga pagbabagong nabanggit sa itaas, ang bawat vote center ay sumasailalim sa survey para sa kadaliang magamit. Kung kailangan, ang mga pasilidad ay maaaring lagyan ng mga rampa ng pintuan para sa maiikling pagtaas upang pumasok sa mga silid, mga cone upang matukoy ang mga panganib, at mga mat upang takpan ang mga panganib na madulas. Karamihan ng mga pasilidad ay sinabihang iwanang bukas ang mga pinto sa silid ng pagboto para sa kadaliang paggamit.

Ang bawat vote center ay mayroong mga karatulang may numero ng telepono na maaaring tawagan ng botante upang humiling ng tulong sa pagboto sa gilid ng bangketa nang hindi pumapasok sa vote center.

Mobile na Pagboto

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay patuloy na maghahanap ng mga oportunidad at pagpopondo upang ihatid ang mobile voting sa mga botanteng nasa mga natatanging lokasyon at heograpikong lugar kung saan ang mga botante ay maaaring may limitadong access sa personal na mga opsyon sa pagboto. Nagsasaliksik ang mga tauhan ng pinakamahusay na paraan ng pagbibigay ng mga serbisyong ito tulad ng pagsasaalang-alang ng paggamit ng isang “pop-up” na uri ng lokasyon ng vote center o self-contained mobile unit.

Masinsinang sinaliksik at ininspeksyunan ng opisina ng Tagapagrehistro ang “Live Well” na bus ng County ng San Diego bilang posibleng solusyon, ngunit kulang ito sa kailangang espasyo at kuryenteng kailangan para itayo ang isang vote center.

Dahil naip plano ng opisina ng Tagapagrehistro ang mga siklo ng primarya at pangkalahatang eleksyon noong 2022, pinagtuunan ng mga tauhan ang pagbibigay ng mahigit sa pinakamaliit na bilang ng mga lokasyon ng 4-na-araw na vote center sa buong country upang pinakamahusay na matugunan ang mga katangi-tanging pangangailangan ng komunidad. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagbibigay ng 26 pang 4-na-araw na mga vote center kaysa sa ini-require ng county na minimum na bilang. Magbibigay ng parehong konsiderasyon sa mga siklo ng eleksyon sa hinaharap bukod sa pagbibigay ng uring “pop-up” na mga vote center sa mga pinagtutuunang lokasyon para sa maiikling panahon.

Toll-Free na Linya ng Telepono para sa Botante

§4005(a)(10)(I)(vii)

Ang mga botante ay maaaring tumawag sa isang walang-bayad na linya ng telepono para sa botante upang magtanong at tumanggap ng impormasyon na may kaugnayan sa pagboto at halalan. Ang toll-free na numero ng telepono ay (800) 696-0136 at nakalathala sa website ng

Tagapagrehistro ng mga Botante, at ibibigay sa pakikipag-ugnayan ng media at direktang impormasyon sa pakikipag-ugnayan kabilang ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante.

Ang mga botanteng hindi nakakarinig, nahihirapang makarinig, o may kapansanan sa pagsasalita ay maaaring gumamit ng California Relay Service (CRS) sa pamamagitan ng pag-dial ng 711 upang magamit ang sistema ng telepono sa pamamagitan ng isang tekstong telepono (TTY) o ibang kagamitan upang matawagan ang toll-free na numero ng telepono para sa botante ng opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante. Sinusuportahan ng CRS ang mga sumusunod na paraan ng komunikasyon: TTY, VCO, 2LVCO, HCO, STS, VASTS, ASCII, o Voice.

[Kumperensya sa Pamamagitan ng Video](#)

Mayroong video conferencing sa American Sign Language (ASL) upang suplementuhin ang mga sa-personal na serbisyo para sa mga botanteng hindi nakakarinig.

Mga Serbisyong Tulong sa Wika

Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay nagbibigay ng mga komprehensibong serbisyong tulong sa wika sa mga botante. Mula sa pagkakaroon ng mga nakalaang bilingguwal na tauhan na naghahanda ng mga pagsasaling angkop sa kultura at pagpapanatili ng isang malawak na kalendaryo ng kaganapan, ang opisina ng Tagapagrehistro ay nakatuong magbigay ng maraming oportunidad para sa mga komunidad na kaugnay ng wika upang matutunan ang tungkol sa modelo ng vote center at mga opsyon sa pagboto.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay may mga full-time na bilingguwal na empleyado na nangangasiwa sa bawat pederal na wikang sakop sa county at sa panahon ng bawat siklo ng eleksyon sa buong county, gagawin namin ang bawat pagsusumikap upang mag-recruit at kumuha ng mga bilingguwal na seasonal na empleyado sa bawat isa sa mga wikang sakop ng estado at lokal sa county.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay ginagawa ang higit pa sa inire-require ng pang-estado at pederal na batas sa pamamagitan ng paggamit ng serbisyo ng interpreter ng county sa tuwing naaangkop.

Mga Isinaling Sangguniang Balota at Tulong sa Wika

§13400

Ayon sa California Elections Code §14201, ang opisina ng Tagapagrehistro ay inaatasang magbigay ng mga isinaling sangguniang balota sa mga pinagtutuunang presinto at impormasyong nagsasaad na ang mga isinaling sangguniang balota ay makukuha sa mga pinagtutuunang presinto. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagbibigay ng kumpletong set ng sangguniang balota para sa mga pinagtutuunang presinto sa bawat vote center.

Ibinibigay ang mga voter access card sa lahat ng vote center. Inililista sa card na ito ang pagkakaroon ng mga isinaling sangguniang balota at ang lahat ng magagamit na serbisyo sa wika.

Mga Serbisyong Tulong sa Wika kabilang sa mga Pamplet ng Impormasyon para sa Botante o mga Instruksyon sa Balotang Pangkoreo at Website

§4005(a)(8)(B)

Ang mga botante ay binibigyan ng paunawa tungkol sa kanilang kakayahang humiling ng mga isinaling materyal sa eleksyon at mga serbisyong tulong sa wika sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at mga instruksyon sa pangkoreong balota.

Ang website ng Tagapagrehistro ay nagbibigay ng kumpletong listahan ng mga serbisyong tulong sa wika. Maaaring matagpuan ang impormasyon dito: [Tulong sa Wika \(sdvote.com\)](https://sdvote.com)

Paglalagay ng Tauhang Bilingguwal sa Vote Center at mga Sinusuportahang Wika §4005(a)(10)(I)(vi)(IX)

Pinagpapasyahan ng opisina ng Tagapagrehistro kung aling mga vote center ang matatagpuan sa o magiging malapit sa presinto na tumutugon sa mga inire-require sa wika sa ilalim ng pederal na Voting Rights Act (VRA) para sa personal na tulong sa wika. Bukod dito, ang opisina ng Tagapagrehistro ay hihingi ng feedback sa publiko tungkol sa kung aling mga vote center ang dapat magkaroon ng mga tauhang bihasa sa mga partikular na wika, alinsunod sa subdivision (c) ng §12303 at §203 ng pederal Voting Rights Act. Ang bawat pagsusumikap ay gagawin upang mag-recruit at magtalaga ng mga tauhang bilingguwal para sa mga vote center na ito.

Ang mga botante ay mayroon ding mga alternatibong opsyon para makatanggap ng epektibong tulong sa wika tulad ng mga isinaling nakasulat na materyal, at tulong ng interpreter sa telepono.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay patuloy na makikipagtulungan sa komunidad upang magbigay ng mga bilingguwal na tauhang nagsasalita ng Somali at Persian sa mga pinagtutuunang vote center na higit pa sa inaasahan pagdating sa inire-require ng pang-estado at pederal na batas.

Toll-Free na Linyang Tatawagan para sa Botante at Call Center para sa Botante §4005(a)(10)(I)(vii), §4005(a)(10)(I)(i)(I)

Patungo sa Araw ng Eleksyon, ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagpapatakbo ng isang call center na may mga tauhang mga bilingguwal na operator at gumagamit ng serbisyo ng matatawagang tagapagsalin upang tulungan ang mga botante (sa wika) sa mga tanong bago, sa panahon ng, at pagkatapos ng eleksyon. Ang toll-free na numero ng call center ay (800) 696-0136.

Ang toll-free na numero ng telepono ay inilathala sa website ng opisina ng Tagapagrehistro, mga pahayag ng serbisyo sa publiko, at ibibigay sa pakikipag-ugnayan ng media at direktang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng botante kabilang ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Mayroong isang walang bayad na numerong maglilingkod sa publiko, kabilang ang mga komunidad na nangangailangan ng tulong sa wika.

Teknolohiya sa Pagboto

Elektronikong Listahan ng mga Botante (Mga e-pollbook)

Ang mga elektronikong pollbook (e-pollbook) ay pumalit sa mga papel na listahan at magbibigay ng mekanismo upang matiyak ang mabisa at ligtas na pagproseso ng mga karapat-dapat na botante sa alinmang lokasyon ng vote center. Ang mga e-pollbook na ito ay naglalaman ng elektronikong listahan ng mga rehistradong botante (Listahan ng mga Botante) na ginagamit sa mga vote center. Ang Listahan ng mga Botante ay ang opisyal na listahan ng lahat ng rehistradong botanteng karapat-dapat na bumoto sa eleksyon. Ang mga e-pollbook ay maaaring gamitin upang maberipika ang data ng rehistrasyon ng botante, kabilang ang pangalan, address, petsa ng kapanganakan, mas gustong wika, preperensyang partido, presinto, at katayuan ng pamamagitan ng koreo. Ngunit, ang mga e-pollbook ay hindi kailanman nag-i-store ng numero ng lisensya sa pagmamaneho, o anumang pantukoy sa social security number. Nagbibigay ang mga ito ng mas mabuting pananaliksik at higit pang up-to-date na katayuan ng impormasyon ng botante kaysa sa listahang papel, paglikha ng mas mabuting karanasan sa pagboto para sa mga botante.

Ang mga e-pollbook ay nakikipagpalitan ng mga update sa katayuan ng botante sa sistema ng rehistrasyon ng botante sa isang protektado, encrypted na paraan, na nagpapahintulot sa mga tauhan sa vote center na maberipika nang mas mabuti ang pagiging karapat-dapat ng botante na tumanggap ng balota at maiwasan ang dobleng pagboto. Ang sistema ng rehistrasyon ay nagbabahagi ng impormasyon sa pamamagitan ng koneksyon nito sa sistemang VoteCal. Ang VoteCal ay isang sentralisadong pambuong-estadong database ng rehistrasyon ng botante na may interaksyon at nakikipagpalitan ng impormasyon sa database ng rehistrasyon ng database ng county at iba pang mga sistema ng estado gaya ng Department of Corrections and Rehabilitation, Department of Public Health, at ng Department of Motor Vehicles.

Sistema ng Pagboto

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay sumusunod sa mga mahigpit na inire-require na chain of custody para sa software at hardware ng sistema ng pagboto sa buong proseso ng pagsubok, sertipikasyon, at pagpapatakbo. Bilang bahagi ng proseso ng sertipikasyon, ang sistema ng pagboto ng County ng San Diego ay dumaan sa puspusang pagsubok na functional at panseguridad na isinagawa ng opisina ng Secretary of State at ng isang sertipikadong laboratoryo ng pagsubok upang matiyak ang pagsunod ng sistema sa mga batas ng California at ng pederal na gobyerno, kabilang ang California Voting System Standards (CVSS) na siyang mga pinakamahigpit sa bansa. Ang sertipikadong software at hardware ng sistema ng pagboto ng county ay ginagamit sa isang kapaligiran kung saan ang kawing ng pag-iingat at integridad ng software ay mahigpit na kinokontrol.

Ang seguridad ay binuo sa bawat aspeto ng teknolohiya sa pagboto ng county. Bilang bahagi ng puspusang proseso ng sertipikasyon sa teknolohiya sa pagboto, isang independiyenteng ikatlong partido na awtoridad sa pagsubok ang nagsagawa ng pag-aaral at pagsusuri sa source code, pagsubok sa pagpasok sa hardware at software, at pagsubok sa pagpapatakbo upang mapatunayan ang paggana at pag-function ng sistema sa ilalim ng mga kondisyong normal at hindi normal. Isinagawa ito upang matukoy ang anumang mga bulnerabilidad sa code na nagre-require sa mga vendor ng sistema ng pagboto upang resolbahin at ayusin bago ang sertipikasyon upang maiwasan ang anumang mga isyu sa mga eleksyon ng county.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay may mahigpit na inire-require na chain of custody, kabilang ang mga inire-require sa tauhan, pinoprotektahan ang source code mula sa mga paglabag at ang mga pag-aaral at pag-odit pagkatapos ng eleksyon ay nagtatatag ng pagsunod sa pagitan ng mga pinagbotohang balota at sistema ng pagboto.

Bukod dito, ang sistema ng pagboto ng county ay nakabase sa papel na nangangahulugang ang opisina ng Tagapagrehistro ay may bakas ng papel na balota para sa bawat ibinoto.

Ballot Marking Device (BMD)

Ang bawat vote center ay magkakaroon ng pinakabababang apat hanggang walong touchscreen na ballot marking device na magpi-print ng isang opisyal na papel na balota na may mga pinili ng botante na maaari nilang mapag-aralan bago ilagay ang kanilang balota sa opisyal na ballot box upang mabilang sa opisina ng Tagapagrehistro.

Ang mga botanteng bumibisita sa mga lokasyong ito upang bumoto sa personal ay mamarkahan ang kanilang balota gamit ang kagamitan. Ang kagamitang ito ay hindi nag-i-store, nagtatala o nagbibilang ng anumang mga boto at hindi ito nag-i-store ng anumang impormasyon ng botante. Ang ballot marking device ay hindi nakakonekta sa internet o iba pang mga device sa vote center.

Mayroong dahilan kung bakit ang mga kagamitang ito ay tinatawag na mga ballot marking device. Minamarkahan ng botante ang kanilang pinili sa screen. Pagkatapos, sa kapares na printer ay ipi-print ng botante ang kanilang opisyal na balota kasama ang kanilang pinili. Ang opisyal na papel na balotang ito ang pumapasok sa loob ng opisyal na ballot box na itatala sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

Ang mga ballot marking device ay lubos na sumusunod sa Americans with Disabilities Act. Kabilang sa mga tampok na kadalian ng paggamit ang touchscreen; nahahawakang controller na may scrolling wheel at buton na “select”; mga opsyon para baguhin ang laki ng teksto at contrast ng kulay sa screen; mga headphone para sa pakikinig sa bersyong audio ng balota at mga instruksyong naka-audio para sa pag-navigate at pagmarka ng balota sa elektronikong paraan; at mga port sa pagkonekta ng mapipindot na buton o sip-and-puff device ng botante. Bukod sa English, maaaring piliin ng mga botante ang mga isinaling balota sa isa sa apat na wika ng County na sakop ng pederal na gobyerno: Spanish, Filipino, Vietnamese, at Chinese.

Ang tauhan sa vote center ay sisimulan ang sesyon ng botante sa pamamagitan ng pag-activate ng kagamitan. Pipiliin ng mga botante ang wika at gagawin ang kanilang mga pagpili sa pamamagitan ng pag-touch sa screen na katabi ng mga pipiliin sa pagboto. Maaaring pag-aralan ng mga botante ang kanilang mga pinili at gumawa ng mga pagtatama kung kailangan sa screen, at pagkatapos ay i-tap ang “print ballot” (“i-print ang balota”) upang mai-print ang kanilang opisyal na balota. Pagkatapos mapag-aralan ang kanilang mga pinili, maaaring ipasok ng mga botante ang kanilang mga balota sa isang secrecy sleeve o sobreng ibinigay sa kanila ng tauhan sa vote center at ibalik ito sa tauhan ng vote center para ilagay ito sa opisyal na ballot box.

Ang mga video na nagbibigay ng instruksyon ay mapapanood sa sdvote.com.

Seguridad sa Pagboto

Agresibong pinagsusumikapan ng opisina ng Tagapagrehistro ang mga hakbang na panseguridad upang maprotektahan ang integridad ng ating mga eleksyon sa pamamagitan ng pag-uukol ng atensyon sa mga isyung may kaugnayan sa integridad ng balota at mga sistema ng rehistrasyon ng botante. Bagaman ang mga banta ay patuloy na nagbabago at ang mga insidente ay natatangi, may mga pinakamahusay na gawain at mahihigpit na protokol na itinakda upang maghanda para sa mga banta at insidente.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay patuloy na pinapabuti ang ating mga kasalukuyang sistema sa pamamagitan ng mga gawain ng pamamahala sa siklo ng buhay ng hardware at software. Ang opisina ng Tagapagparehistro ay nagpatupad ng mga pisikal at cybersecurity na kontrol habang isinasama ang pagsasanay para sa mga empleyado.

Mayroong mga mahigpit na kontrol sa pag-access na nakatalaga sa pagprotektang sa silid kung saan nakalagay ang sistema ng pagboto. Ang bawat silid sa opisina ng Tagapagrehistro ay may kismang may nakalagay na mga kamera na nakadirekta sa mga lugar ng pasukan at labasan para sa mga karagdagang pag-iingat na panseguridad.

Mga Plano para sa Seguridad at Posibilidad Upang Masiguro ang Pagpigil at Paggambala §4005(a)(10)(I)(vi)(VIII)(ia)

Ang opisina ng Tagapagparehistro ay may iba't ibang paraan upang masiguro ang pagpigil sa paggambala sa mga pagpapatakbo ng eleksyon sa pamamagitan ng mga pakikipagtulungan, panloob na kontrol, at pamamaraan.

Mga Pang-estado, Pederal, at Lokal na Pagtutulongan

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay bumuo ng ugnayan sa San Diego County Chief Technology Office (CTO) at sa kasalukuyang Information Technology Outsourcer (ITO) – na namamahala sa IT network ng county. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay mayroon ding direktang ugnayan sa Secretary of State ng California, Department of Homeland Security (DHS), Federal Bureau of Investigation (FBI) at sa Election Assistance Commission (EAC).

May nadagdagang kolaborasyon sa mga siklo ng eleksyon bago at pagkatapos ng eleksyon. Pinahuhusay ng opisina ng Tagapagrehistro ang kamalayan sa seguridad at komunikasyon, kabilang ang mga regular na miting sa CTO, ITO, Sheriff, DHS, at sa FBI ng County.

Mga Panloob na Kontrol

Mula sa isang teknikal na pananaw, isinasama ng opisina ng Tagapagrehistro ang iba't ibang paraan upang matiyak na ang data ay nananatiling encrypted at ligtas sa lahat ng oras. Ang pisikal na seguridad ay isa ring konsiderasyon kapag pumipili ng lokasyon upang mangasiwa sa isang vote center. Tanging ang mga pasilidad na nagbibigay ng sapat na pisikal na seguridad ang pipiliin.

Ang pamamahala ng mobile na kagamitan ay nagpapahintulot ng buong kontrol sa pagkuha at pagpapatupad ng mga patakarang nauugnay sa mga e-pollbook tablet. Ang pamamahala sa mobile device ay nagpapahintulot ng kakayahang burahin ang device nang remote, gamitin ang pagpapatupad ng password, at pahintulutan ang mga pag-update sa software sa tuwing kailangan.

Ang bawat vote center ay magkakaroon ng isang smartphone para sa notipikasyon kung sakaling magkaroon ng emerhensiya. Ang mga tauhan sa vote center ay tumatanggap din ng pagsasanay at mga instruksyon sa kanilang manual ng pagsasanay tungkol sa kung anong mga pamamaraan ang susundin kung sakaling magkaroon ng emerhensiya. Ang kagamitan sa pagboto ay magkakaroon ng pamalit na baterya kung sakaling mawalan ng kuryente.

Mga Pamamaraan, Paraan at Pamantayan

Ang mga pamamaraan sa kawing ng pag-iingat ay ginagamit bilang isang kontrol na pang-administratibo bilang bahagi ng pangkalahatang istrategiya upang maprotektahan ang mga pagpapatakbo ng eleksyon. Sinisiguro ng mga pamamaraan sa kawing ng pag-iingat na ang pisikal na pagsubaybay sa kagamitan sa sistema ng pagboto ay nasa lugar.

Ang mga bumubuo sa sistema ng pagboto ay pinoprotektahan sa loob ng isang ligtas na lokasyon hanggang sa mailabas para sa eleksyon. Ang mga ballot marking device ay inilalagay sa may numerong tatak na mga sisidlan para sa transportasyon. Lahat ng kagamitan sa pagboto ay sinusubaybayan gamit ang mga RFID label kapag itinatalaga at ibinabalik sa opisina ng Tagapagrehistro.

Ang mga manggagawa ng eleksyon ay pumipirma sa mga dokumento sa kawing ng pag-iingat, na kilala bilang pagsusulatan ng beripikasyon ng tatak, para sa kagamitan sa pagboto sa mga lokasyon ng pamamahagi. Ang mga manggagawa ng eleksyon at mga tauhan ng vote center ay inaatasang suriin ang mga tatak na panseguridad nang pana-panahon at iulat ang anumang mga nasirang tatak o kahina-hinalang aktibidad. Ang kagamitan sa pagboto ay iniimbentaryo at inilalagay sa isang protektadong lokasyon.

Mga Plano sa Seguridad at Posibilidad upang Masiguro ang Pagpapatuloy ng Eleksyon kung Sakaling Magkaroon ng Pagkagambala §4005(a)(10)(I)(vi)(VIII)(ib)

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay may itinakdang nagpapatuloy na plano ng pagpapatakbo upang mapahupa o mapigilan ang mga paggambala sa proseso ng mga eleksyon; gayunman, mahalaga rin na maging handa sa pagtugon sa tunay na posibilidad ng isang insidente o pagkagambala. Ang section na ito ay nagsasaad ng mga hakbang na isinagawa upang maging handa sa pagpapatuloy ng mga pagpapatakbo ng eleksyon kung sakaling magkaroon ng pagkagambala.

Pagtugon ng Vote Center sa Panahon ng Pagboto

Sa panahon ng pagboto, ang mga tauhan ng suporta sa eleksyon ay matatagpuan sa buong County ng San Diego na handang tumugon sa anumang insidente. Ang mga tauhan na ito sa larangan ay may pamalit na kagamitan at suplay sa pagboto at sinasanay upang panghawakan ang mga isyung teknikal. Ang mga empleyado sa vote center ay may pang-emerhensiyang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, kabilang ang isang nakatalagang helpdesk na mabilis na nakakalutas ng mga isyu, o nagpapadala ng isang miyembro ng pangkat ng suporta sa larangan.

Ang lahat ng kagamitan sa vote center ay gumagana nang mag-isa. Kung ang isang kagamitan ay tumigil sa paggana, hindi nito naapektuhan ang pagpapatakbo sa ibang kagamitan sa pagboto.

Pagpapatuloy ng Plano sa mga Pagpapatakbo

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay may malalim na plano na maaaring magamit sakaling mayroong insidente o pagkawala ng cybersecurity. Ang planong ito ay nagbibigay ng isang sistematikong paraan upang matukoy, matugunan at malampasan ang isang insidente.

Ang mga esensyal na function at mga kaugnay na pagdepende sa teknolohiya ng impormasyon ng mga ito ay tinukoy upang tiyakin ang pagpapatuloy ng pagpapatakbo ng mga eleksyon kung sakaling magkaroon ng pagkagambala. Ito ay nagbibigay ng framework para sa pag-alam sa mga kritikal na prosesong pangnegosyo at pagbibigay ng kakayahan sa organisasyon upang malampasan ang pagkawala ng bahagi o lahat ng kakayahan sa pagpapatakbo.

Ang mga pagtatalaga ng awtoridad ay itinatakda upang maiwasan ang maling impormasyon at mapamahalaan ang pagpapalaganap ng impormasyon sa mga botante, tauhan, at media sa panahon ng pagkagambala, pati na rin gumawa ng mga pag-alam at desisyon sa patakaran para sa mga may silbing lugar sa departamento sa tuwing naaangkop.

Mga Paraan at Pamantayan

§4005(a)(10)(I)(iv)

Ang layunin ng plano ng pagpapatuloy ay upang mapahintulutan ang mga pagpapatakbo ng eleksyon na magpatuloy sakaling magkaroon ng sakuna, insidente, o pagkagambala sa serbisyo. Sa pagtukoy sa mga pamamaraan para sa mga esensyal na function, proseso, komunikasyon, at alternatibong pasilidad, ang mga pinakamaagang nakikitang pagkagambala sa mga pagpapatakbo ng eleksyon ay mapapahupa.

Mga Esensyal na Function

Kinikilala ng plano ng pagpapatuloy ang lahat ng mga esensyal na function na kinakailangan upang magpatakbo ng isang eleksyon. Ang bawat isa sa mga esensyal na function ito ay sinusuri, at ang mga teknikal na pagdepende para sa bawat isa ay inaalangin. Para sa bawat isa sa mga teknikal na pagdepende, ang istratehiya sa pagrekober ay nilililaw, kabilang ang pagpapanumbalik ng kinakailangang data.

Komunikasyon

Tinutugunan din ng plano ng pagpapatuloy ang mga paraan ng komunikasyon, at kung paano maaaring magpatuloy ang komunikasyon sa panahon ng pagkagambala. Kabilang dito ang mga alternatibong paraan ng komunikasyon sakaling pumalya ang primaryang sistema. Ang mga responsibilidad ay itinatagala para sa pamamahagi ng impormasyon, at ang mga pangunahing apektado na dapat bigyan ng komunikasyon kung sakaling magkaroon ng pagkagambala. Ang prosesong nagambala ang nagpapasya kung kanino dapat gawin ang komunikasyon. Halimbawa, ang ilang pagkagambala ay mangangailangan ng komunikasyon sa mga tauhan lamang ng vote center, habang ang ibang mga pagkagambala ay maaaring mangailangan ng komunikasyon sa media at pangkalahatang publiko.

Mga Alternatibong Pasilidad

Ang mga alternatibong pasilidad ay itinatalaga para sa mga lokal na sakuna, tulad ng mga sunog, baha, o ibang mga sitwasyong hindi magpapahintulot ng access sa aming mga pangunahing pasilidad.

Para sa mga vote center na naapektuhan ng sakuna o pagkawala ng kuryente, ang mga aktibidad sa pagboto ay maaaring ilipat sa ibang bahagi ng pasilidad. Ang mga ballot marking device at e-pollbook ay may pamalit na baterya at maaaring ilipat sa labas para sa pansamantalang paggamit dahil sa panandaliang pagkawala ng access sa looban. Kung hindi maaaring magpatuloy ang mga aktibidad sa pagboto, makikipag-ugnayan sa mga kalapit na lokasyon at ang mga botante ay bibigyan ng gabay sa kung saan pupunta. Magpapaskil ng karatula sa anumang mga apektadong lokasyon at ang impormasyong nauugnay sa paglipat ng lugar ay ipapalaganap sa pamamagitan ng mga lokal na media outlet.

Piskal na Epekto

Mga Tantiya ng mga Pangmaikling Panahon at Pangmatagalang Matitipid

§4005(a)(10)(I)(v)

Ang mga sumusunod na table ay nagpapakita ng breakdown ng pang-isang beses at nagpapatuloy na gastusin at natipid na nauugnay sa pagdaraos ng mga eleksyon alinsunod sa Voter's Choice Act. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nag-invest sa sistema ng pagboto nito, pinaunlad ang mga proseso nito, at dinagdagan ang kapasidad nito sa mga nagdaang taon upang mapamahalaan ang malaking porsyento ng mga botanteng mas gustong bumoto sa pamamagitan ng koreo at nasa maayos na posisyon para mapamahalaan ang pagproseso ng mga balotang pangkoreo nang wasto at ligtas.

Mga Gastos sa Kagamitan	Ang piskal na taon ay mula Hulyo 1 hanggang Hunyo 30 ng sumunod na taon.				
	FY 2019-20	FY 2020-21	FY 2021-22	FY 2022-23	FY 2023-24*
	<i>Ika-1 ng Hulyo, 2019 - Ika-30 ng Hunyo, 2020</i>	<i>Ika-1 ng Hulyo, 2020 - Ika-30 ng Hunyo, 2021</i>	<i>Ika-1 ng Hulyo, 2021 - Ika-30 ng Hunyo, 2022</i>	<i>Ika-1 ng Hulyo, 2022 - Ika-30 ng Hunyo, 2023</i>	<i>Ika-1 ng Hulyo, 2023 - Ika-30 ng Hunyo, 2024</i>
Bagong Sistema ng Pagboto	\$13,176,841		\$512,063	\$512,063	\$512,063
Elektronikong Listahan ng mga Botante (mga e-pollbooks)	\$243,740	\$1,870,488		\$272,303	\$280,000
Kagamitang Pang-network		\$932,259			
Mga Extractor ng Balotang Pangkoreo	\$61,231	\$301,084			\$60,000
Mga Drop Box ng Opisyal na Balota				\$480,284	\$259,717
MGA KABUUANG GASTOS SA KAGAMITAN	\$13,481,812	\$3,103,831	\$512,063	\$1,264,650	\$1,111,780

*Iminungkahing Budget

	MGA GASTOS	MGA NATIPID
Mga Stipend ng Manggagawa sa Botohan (Tradisyonal na Modelo ng mga Botohan)		\$1,150,000
Mga Stipend sa Lugar ng Botohan (Tradisyonal na Modelo ng mga Botohan)		\$90,000
Wireless na Connectivity (mga Vote Center)	\$36,000	
Pag-lease ng Kagamitan (mga Vote Center)	\$65,000	
Pag-upa/Pag-lease (mga Vote Center)	\$200,000	
Mga Manggagawa sa Eleksyon (mga Vote Center)	\$4,000,000	
Karagdagang Programa ng Pakikipag-ugnayan at Edukasyon ng Botante sa ilalim ng VCA	\$1,900,000	
KABUUAN	\$6,201,000	\$1,240,000

Bilang resulta ng paglipat sa Voter's Choice Act, inaasahan ng County ng San Diego na makita ang mga natipid mula sa hindi pagbabayad sa halos 10,000 manggagawa sa botohan ng stipend para magtrabaho sa Araw ng Eleksyon. Gayon pa man, ang mga nagpapatuloy na gastos ay inaasahan bilang resulta ng pagbibigay ng wireless na pagkakakonekta sa mga e-pollbook (Listahan ng mga Botante) at mga laptop na gagamitin sa lahat ng vote center. Binabayaran ang mga manggagawa sa botohan sa para sa ilang araw na trabaho dahil bukas ang mga vote center ng maraming araw. Bukod dito, may mga karagdagang gastos na nauugnay sa pagpapatakbo ng mga lugar ng vote center ng maraming araw, at mga karagdagang gastos para sa pakikipag-ugnayan at edukasyon ng botante bilang tungkulin sa mga inire-require ng VCA.

Patuloy na susuriin ng opisina ng Tagapagrehistro ang mga epekto ng Voter's Choice Act sa mga pangmatagalang gastos at pagtitipid na nauugnay sa pagsasagawa ng mga eleksyon sa ilalim ng modelong ito.

Pangkalahatang Pananaw sa Voter Education and Outreach Plan

§4005(a)(10)(I)(i), §4005(a)(10)(I)(i)(VI)

Background

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay mayroong matatag na programa ng pakikipag-ugnayan at edukasyon ng botante na may limang nakatuong full-time na tauhan kasama ang karagdagang 18 hanggang 20 seasonal na tauhan sa panahon ng mga siklo ng eleksyon. Ang aming mga coordinator sa pakikipag-ugnayan ay may mga malakas at naitatag nang ugnayan sa mga leader at apektado sa komunidad. Kami ay nakalaang lumikha ng mga bagong partnership sa mga organisasyong pangkomunidad, pati na rin ang pagpapatibay sa ating mga kasalukuyang ugnayan sa mga kasama sa komunidad.

Naging hamon ito sa panahon ng pandemya ngunit dati na kaming nakikibahagi sa mahigit 300 kaganapan at mga miting sa komunidad kada taon. Sa buong taon ng 2020 at 2021, karamihan sa mga trabahong ito ay isinagawa sa paraang virtual at dahil nananatiling problema pa rin ang COVID-19, patuloy naming ginamit ang virtual na platform sa tuwing naaangkop sa kabuuan ng mga siklo ng eleksyon noong 2022.

Para sa pagpapatupad ng VCA at bago ang mga primarya at pangkalahatang eleksyon noong 2022, nagsagawa kami ng 14 na pampublikong miting na konsultasyon, 71 workshop na pang-edukasyon, at lumahok sa 424 na kaganapan at miting sa komunidad.

Matagumpay na ginamit ng opisina ng Tagapagrehistro ang mga aktibidad nito sa pakikibahagi ng botante at ang pagkahantad na nakuha sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pambuong-estadong eleksyon noong Nobyembre 2020 at Setyembre 2021 sa ilalim ng modelong uri ng Vote Center. Ang mga komprehensibong kampanya sa pakikipag-ugnayan na nauugnay sa mga eleksyong ito ay sinuportahan lamang ang aming mga pagsusumikap sa panahon ng mga siklo ng eleksyon noong 2022.

“Katulad ng VCA” na Siklo ng Pampanguluhang Pangkahalatang Eleksyon noong Nobyembre 2020:

Habang nasa siklo ng eleksyon noong Nobyembre 2020, ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagpadala ng dalawang direktang balota sa lahat ng nakarehistrong botante na nagpapaalam sa kanila ng mga darating na pagbabago sa eleksyon at sa kanilang mga opsyon sa pagboto. Naglagay kami ng 165 ad sa dyaryo sa 43 iba’t ibang dyaryo sa County ng San Diego, kabilang ang mga dyaryo sa ibang wika.

Nagpatakbo kami ng halos 450 audio ad sa 12 iba’t ibang istasyon ng radyo, kabilang ang mga outlet sa ibang wika, at karagdagang streaming ad.

Bukod sa tradisyonal at digital na advertising, ang opisina ng Tagapagrehistro ay ginamit sa istrategikong paraan ang malalaking outdoor na poster sa mga pader na labasan ng mga gasolinahan, convenience store, at bodegang matatagpuan sa mga kapitbahayang hindi lubusang napaglilingkuran. Sa kabuuan, naglagay kami ng mga poster sa 45 iba’t ibang lokasyon sa County ng San Diego. Gumawa kami ng apat na disenyo ng poster, na ang bawat poster ay may kasamang pagmemensahe sa English at nag-feature ng wika na may kumakatawan sa partikular na kapitbahayan. Ang taktikang ito ay nagpapahintulot sa opisina ng Tagapagrehistro na pagtuunan ang mga kapitbahayan na hindi laging naaabot ng iba pang mga uri ng tradisyonal na media.

Isinama sa karagdagang digital na media ang limang email blast, display ad, Facebook, Instagram, at Twitter ad na pinagtuunan ang pangkalahatang publiko, pederal na sakop ng wika, at komunidad ng mga hindi puti. Kami rin ay bumuo at isinahimpapawid ang 30 Anunsyo para sa Serbisyo-Publiko na makikita sa limang wika.

Ang kampanyang ito ay ipinahatid sa mahigit 90 milyong impresyon.

“Katulad ng VCA” na Siklo ng Gubernatoryal na Recall na Eleksyon noong Setyembre 2021:

Sa recall na eleksyon noong Setyembre 2021, naglagay kami ng 35 ad sa dyaryo sa 28 iba’t ibang dyaryo sa County ng San Diego, kabilang ang mga dyaryo sa ibang wika. Naglagay kami ng mga audio ad sa 12 iba’t ibang istasyon ng radyo at streaming, kabilang ang mga outlet sa ibang wika at nagpatakbo ng humigit-kumulang 1500 ad sa tradisyonal na radyo.

Bukod sa tradisyonal at digital na advertising, ang opisina ng Registrar ay muling gumamit ng malalaking outdoor na poster sa mga hindi lubusang napaglilingkurang kapitbahayan batay sa mga piniling pinagtutuunang zip code. Ito ay natagpuan namin bilang isang matagumpay na taktika noong 2020. Sa kabuuan, naglagay kami ng mga poster sa 65 iba’t ibang lokasyon sa buong County ng San Diego.

Isinama sa karagdagang digital na media ang dalawang email blast, display ad, Facebook at Twitter ad na muling pinagtuunan ang pangkalahatang publiko, pederal na sakop ng wika at komunidad ng mga hindi puti.

Ang kampanyang ito ay ipinahatid sa mahigit 57 milyong impresyon.

Ang parehong kampanya ay ipinapaalam sa mga votante ng County ng San Diego ang kanilang mga opsyon sa pagboto na naaayon sa Voter’s Choice Act, kabilang na ang lahat ng aktibong nakarehistrong botante ay awtomatikong tatanggap ng balota sa koreo ng halos isang buwan bago ang Araw ng Eleksyon, maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang balota sa pamamagitan ng koreo, o sa anumang lokasyon ng ballot drop off o pagboto, at ang pagboto sa personal ay available ng maraming araw sa alinman sa isa sa 200+ lokasyon sa buong county.

Ang dalawang pambuong-estadong eleksyon na ito ay nagbigay sa County ng San Diego ng kapakinabangan habang tayo ay opisyal na lumilipat patungo sa Voter’s Choice Act. Lubos na nagsumikap ang opisina ng Tagapagrehistro upang ihanda ang mga botante para sa anumang mga pagbabagong maaari nilang matagpuan sa darating na eleksyon. Ang mga pagsusumikap na makipag-ugnayan at kampanya ng media noong 2022 ay patuloy na muling nagpatupad ang mga opsyon sa pagboto at na sa kasalukuyan ang mga pagbabagong ito na naranasan na ng mga botante ay permanente para sa lahat ng eleksyon sa hinaharap.

Mga Siklo ng Gubernatoryal na Eleksyon noong 2022:

Bilang pagsuporta sa edukasyon at pakikipag-ugnayan sa botante sa primaryang eleksyon noong Hunyo 2022 at mga pangkalahatang eleksyon noong Nobyembre 2022, naglagay kami ng 175 ad sa dyaryo sa 29 na iba’t ibang dyaryo sa County ng San Diego, kabilang ang mga dyaryo sa ibang wika. Naglagay kami ng mga audio ad sa 12 iba’t ibang istasyon ng radyo at streaming, kabilang ang mga outlet sa ibang wika at nagpatakbo ng humigit-kumulang 1896 ad sa tradisyonal na radyo.

Upang higit pang mabigyan ng kaalaman ang publiko tungkol sa kanilang mga opsyon sa pagboto, kami ay bumuo at nagsa-ere ng 10 Pahayag ng Serbisyo sa Publiko (bersyong may

15 at 30 segundo). Ginawa ang mga video sa mga pederal na sakop na wika at sinamahan ng closed captioning.

Isinama sa karagdagang digital na media ang siyam na email blast, display ad, Connected TV, Facebook, Instagram, at Twitter ad na pinagtuunan ang pangkalahatang publiko, pederal na sakop ng wika, at komunidad ng mga hindi puti.

Bukod sa paggamit ng malalaking outdoor na poster sa mga pader na labasan ng mga gasolinahan, convenience store, restawran, at bodega, pinalawak ng opisina ng Tagapagrehistro ang mga pagsusumikap sa advertisement upang maisama ang mga poster sa transit shelter at billboard. Ang mga outdoor na advertisement ay may istrategikong matatagpuan sa mga kapitbahayang hindi sapat na napaglilingkuran batay sa pinagtutuunang piling zip code. Sa kabuuan, naglagay kami ng mga advertisement sa labas sa 247 iba't ibang lokasyon sa buong County ng San Diego.

Ang kampanya ay ipinahatid sa mahigit 154.2 milyong impresyon.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay patuloy na lalahok sa mga kaganapang pakikipag-ugnayan na dinadaluhan sa nakaraan, at bubuo rin ng mga malikhain at mas mabisang mga paraan ng pakikipag-usap sa mga botante. Itong Voter Education and Outreach Plan ay magbibigay-diin sa mga kaganapang pangpakikipag-ugnayan na pag-uugnayin at/o dadaluhan ng opisina ng Tagapagrehistro, outline ng mga istrategiya sa pagmemensahe na magpapaigting ng aming presensya sa komunidad, at magdedetalye ng kung paano ilalaan ang resources nang mas mabisa sa pamamagitan ng pagsusuri ng pangunahing data points.

Summary ng mga Layunin

- Mga workshop/demonstrasyon para sa edukasyon ng botante
- Mga presentasyon sa komunidad ng vote center
- Kaganapan sa pakikibahagi ng komunidad
- Pakikipagtulungan sa mga kolehiyo at unibersidad
- Pakikipagtulungan sa mga high school
- 2– 4 na direktang pakikipag-ugnayan sa botante
- Matatag na multilingguwal, may pinagtutuunang kampanya sa media
- Nadagdang presensya sa social media
- Iposisyon ang opisina ng Tagapagrehistro bilang opisyal na pinagkukunan ng pinagkakatiwalaang impormasyon sa eleksyon.

Mga Kasama sa Komunidad

§4005(a)(10)(I)(i)(III)

Ang matagumpay na pagpapanatili ng programa ng pakikipag-ugnayan sa komunidad ay kinabibilangan ng pagpapanatili ng mga naitatag na pakikipagtulungan sa mga nakabase-sa-komunidad na grupo at organisasyon. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay regular na nakikipagpulong sa mga dedikadong indibidwal mula sa iba't ibang organisasyon sa buong County ng San Diego kabilang ang mga grupong pang-advokasiya, sibikong grupo, liga ng mamamayan, senior center, simbahan, klerk ng lungsod, partidong pampulitika, at ibang mga indibidwal. Ang mga kasama sa komunidad ay nakalista simula sa pahina 70 sa Mga Apendise.

Voter Accessibility Advisory Committee at Mga Language Accessibility Advisory Committee §4005(a)(9)(A), §4005(a)(9)(B), §4005(a)(10)(I)(i)(I)

Ang matagal nang Voter Accessibility Advisory Committee (VAAC) at Language Accessibility Advisory Committee (LAAC) ng Tagapagrehistro ay itinalaga upang magpokus sa mga pangangailangan ng mga botanteng may kapansanan at minorityang komunidad na nangangailangan ng tulong sa wika.

Ang misyon ng LAAC ay payuhan at tulongan ang opisina ng Tagapagrehistro pagdating sa pagpapatupad ng mga pederal at pang-estadong batas na nauugnay sa pag-access sa proseso ng eleksyon ng mga botanteng may limitadong kahusayan sa English.

Ang LAAC ay nagbibigay rin ng mga rekomendasyong tumutukoy at nagbibigay ng prioridad sa mga aktibidad at programa upang masiguro ang pantay na pag-access sa balota. Ang mga responsibilidad ng komite ay kinabibilangan ng pagbibigay ng kadalubhasaan sa mga isyu sa paggamit ng wika; pagbibigay ng mga rekomendasyong tumutukoy at nagbibigay ng prioridad sa mga aktibidad; at sumasagot sa mga tanong ng opisina tungkol sa suportang pangwika.

Ang misyon ng VAAC ay payuhan at tulongan ang opisina ng Tagapagrehistro sa pagbibigay ng mga serbisyo sa mga botante na may mga pangangailangang kaugnay ng kadaliang paggamit at pagsiyasat sa mga oportunidad na magbigay ng pantay na access sa balota.

Ang VAAC ay nagbibigay rin ng mga rekomendasyong tumutukoy at nagbibigay ng prioridad sa mga aktibidad at programa upang masiguro na ang mga botanteng may kapansanan ay makakaboto nang mag-isa. Kasama sa mga responsibilidad ng komite ang pagbibigay ng kadalubhasaan sa mga bagay na kaugnay ng kadaliang paggamit; pagsasama ng mga pamamaraan sa kadaliang paggamit sa mga pagpapatakbo; ang pagbibigay ng feedback sa opisina ng Tagapagrehistro tungkol sa mga pamantayan sa kadaliang paggamit at pakikipag-ugnayan sa mga botanteng may kapansanan.

Ang mga agenda ng miting ng VAAC at ang listahan ng mga miyembro at sumusuportang organisasyon para sa bawat grupo ay matatagpuan simula sa pahina 85 sa Mga Apendise. Ang mga kasama sa komunidad ng wika at ang mga kasama sa komunidad ng may kapansanan ay nakalista sa pahina 88 sa Mga Apendise.

Mga Workshop para sa Edukasyon ng Botante para sa mga Komunidad na Nangangailangan ng Tulong sa Wika §4005(a)(10)(I)(i)(VI)(ia)

Kasunod ng pinal na paglalathala ng EAP noong Marso 2022, ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagsagawa ng mga workshop para sa edukasyon ng botante sa buong county upang makapagbigay ng impormasyon tungkol sa vote center at eleksyon para sa bawat isa sa mga wika sa County ng San Diego na inire-require ng estado at pederal na gobyerno. Kabilang sa mga wikang sakop ng pederal na pamahalaan ang Spanish, Filipino, Vietnamese, at Chinese. Kabilang sa mga wikang nasasakupan ng estado ang Arabic, Japanese, Korean, at Laotian.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay higit pa ang ginawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga workshop na pinagtutuunan ang mga komunidad na Somali at Persian sa County ng San Diego.

